# TUNGKULIN NG MAGULANG BILANG GURO SA TAHANAN

*by:*
**Margie S. Junio**

Ang mga magulang ay may mga tungkulin na ginagampanan sa bawat tahan at kanilang pamilya. Isa na rito ang pagiging isang guro sa kanyang anak na nag-aaral sa kanilang tahanan.Gumawa ang deped ng paraan para mapagpatuloy ng bawat mag-aaral ang kanilang pag-aaral ng ligtas. Upang hindi mahinto sa pag-aaral ang kanilang mga anak, minabuti nilang ipasok ito sa online class o para sa walang internet sa kanilang tahanan mas pinili na lamang nila mag-aral gamit ang modyul. Bawat magulang ay suportado ang mga anak, sila mismo ang nagpapaliwag at tumutulong sa kanilang mga anak para maintindihan ang bawat aralin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pero hindi dapat mawala ang komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral at magulang sa guro. Dapat ang magulang bilang nagsisilbing guro ng mga anak, dapat huwag natin hayaan na sa atin ipapagawa n gating anak ang kanilang modyul, maging strikto din tayo minsan at dapat gumawa rin tayo ng mga patakaraan tungkol sa kanilang pag-aaral, kailangan din natin ipakita ang ating suporta bilang magulang, magbigay din ng mga aktibidad sa inyong anak gaya ng ginagawa ng isang ganap na guro sa paaralan. Tulungan natin ang ating mga anak na makapagpokus sa pag-aaral na walang makakaistorbo sa kanila. Bigyan natin sila ng lugar kung saan tahimik silang makakapag-aral.

Tungkulin ng magulang na siguraduhin ang maayos na pag-aaral ng anak, pero mas tungkulin ng mag-aaral na gawin ang kanyang takdang gawain na hindi laging umaasa sa magulang, gawin sa takdang oras ang mga ipinapapasa sa paaralan, at unawain mabuti ang inaaral. Kpag online class naman, maging magalang sa pagsagot o

pakikipagusap sa guro, lagi rin gumawa ng mga aktibidad at gumawa ng takdang aralin at higit sa lahat makipagparticipate sa klase.

Bukod pa rito dapat siguraduhin nating ang kalusugan at kaligtasan ng ating anak. Mabuting paalalahanan natin an gating mga anak sa maaaring maging epekto sa pagbababad sa teknolohiya kung kaya't gamitin lamang ito sa oras ng klase. Ganun pa man, marami ang nahihirapan sa sitwasyon ngayon, maraming studyante ang nalulungkot, naiistress at nagaalala sa bagong pangyayari, kaya ang tungkulin ng magulang ay maglaan ng oras sa anak at kamustahin lagi tungkol sa pag-aaral at tungkol sa kalusugan. Sa paraang ito, mababawasan ang kanilang stress o iniisip dahil mayroon dumadamay sa kanila.

Karapatan din ng mga magulang na malaman ang progreso ng kanilang anak sa eskwelahan. Nagiging matagumpay ang pag-aaral kapag ang bawat isa ay mag-ugnayan. Dahil ang tungkulin ng magulang ang susi sa maayos at matagumpay na pag-aaral ng bata.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

PowerPoint Presentation (samfok.is)

Pag-aaral mula sa bahay: Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga - Filipino

Microsoft Word - Home Learning messages for migrant and refugee families_Tagalog F (education.govt.nz)